



Tatanggalin ng Lungsod ang mga rekisito sa patunay ng pagpapabakuna, mga limitasyon sa kapasidad sa mga recreation centre at venue ng performing arts sa Brampton umpisa ng Marso 1

BRAMPTON, ON (Marso 1, 2022) – Simula sa Marso 1, ang patunay ng pagpapabakuna ay hindi na kakailanganin, at ang nalalabing limitasyon sa kapasidad ay tatanggalin sa mga recreation center (sentrong libangan) at mga venue ng performing arts sa Brampton. Ang mga hakbang na ito ay sumusunod sa anunsyo ng Pamahalaan ng Ontario mula [Pebrero 14](#) at tuntunin mula sa Peel Public Health.

Ang mga pupunta sa mga sentrong libangan o venue ng performing arts ng Brampton ay kakailanganin pa ring magsuot ng hindi medikal na mga mask indoor, at kailangang dumistansya mula sa iba. Hinihiling sa mga residente na suriin ang sarili kung may sintomas ng COVID-19 bago pumasok sa mga pasilidad ng Lungsod, at manatili sa bahay kung masama ang pakiramdam sa katawan.

Recreation

Ang mga Recreation Centre ay bukas sa nakarehistro at drop-in na mga programa. Hindi na kailangan ang paunang pagpaparehistro para sa mga pagbisita sa mga recreation centre, gayunpaman, inirerekumenda na bibilhin ng mga bisita ang mga serbisyo online nang pauna sa kanilang pagbisita dahil ang lahat ng serbisyo ay paunahan. Mag-browse at magpatala para sa available na mga programa sa www.brampton.ca/registerforprograms, sa [pamamagitan ng pagtawag sa 311](#), o nang personal sa alinmang recreation centre ng Lungsod.

Mga Venue ng Performing Arts

Ang mga venue ng performing arts, kabilang ang The Rose, ay muling magbubukas sa puno na kapasidad sa Marso 1, 2022. Bumili ng mga tiket at alamin ang mas marami pa sa www.therosebrampton.ca.

Mga Mask

Pinapaalalanan ang mga residente na hinabaan ng Lungsod ang panahon ng Ordinansa sa COVID-19 na Mandatoryong Pagsusuot ng Face Mask sa lahat ng pasilidad.

Sa ilalim ng Ordinansa sa COVID-19 na Mandatoryong Pagsusuot ng Face Mask, ang mga hindi medikal na mask ay kinakailangan sa lahat ng indoor na mga pampublikong lugar sa Brampton. Ang mga scarf, bandana, neck gaiter o neck warmer at mask na may mga exhalation valve ay hindi tinatanggap sa uri ng pantakip sa mukha. At sa ilalim din ng ordinansa, ang mga mask ay maaari lamang tanggalin para sa pagkonsumo ng pagkain o inumin kung nakaupo ang isang indibidwal sa isang itinalagang lugar para sa layuning iyon.

Salamat sa mga residente sa patuloy na paggawa ng kanilang parte, pagdistansiya mula sa iba pagsasagawa sa mabuting kalinisan at pagsusuot ng mask para makatulong sa pagtigil ng pagkalat ng COVID-19.

-30-

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng
Brampton

multiculturalmedia@brampton.ca